

Pang-emerhensyang Pagresponde na Gawad para sa Maliliit na Negosyo

APLIKASYON

Ang lokasyon ng negosyong inilalarawan sa ibaba ay dapat nasa loob ng mga Limitasyon ng Lungsod ng San Diego. Ang indibidwal na kumukumpleto sa aplikasyong ito ay dapat na pangunahing may-ari ng negosyo.

SERTIPIKASYON NG MAY-ARI NG NEGOSYO

1. Nauunawaan ko na ang lokasyon at halaga ng aking mga gastos ang magpapasya sa halaga ng gawad. Natatangi at buong diskresyon ng Lungsod ng San Diego kung natutugunan ng aplikante ang mga kinakailangan para maging kuwalipikado para sa gawad. Ang pagsumite ng aplikasyon lamang ay hindi naggagarantiya ng pagpopondo ng Lungsod ng San Diego.
2. Nauunawaan ko na: (a) ang nasabing ari-arian ay dapat matagpuan sa Lungsod ng San Diego at dapat na inookupahan ng isang maliit na negosyo (12 o mas kaunting mga empleyado); (b) ang negosyong aplikante ay dapat magkaroon ng balidong Sertipiko ng Buwis sa Negosyo sa Lungsod ng San Diego; at (c) ang pagkasira ay dapat maging kuwalipikado gaya ng inilarawan sa mga Alituntunin ng ERG (na nakapaloob sa sangguniang ito).
3. Pumapayag akong ganap na susunod sa lahat ng naaangkop na Pederal, Pang-estado, at lokal na batas, ordinansa, code, regulasyon, permit, at mga alituntunin sa disenyo. Hindi inaako ng Lungsod ng San Diego ang pananagutan para sa pagsunod sa mga pambansa, pang-estado, o lokal na code ng mga pamantayan para sa gusali. Inaako ko ang pananagutan para sa anumang mga gastos mula sa mga pagkukumpuni o pagbabago na dulot ng anumang paglabag sa anumang batas, ordinansa, code, regulasyon, permit o alituntunin sa disenyo.
4. Hindi ako magdidiskrimina laban sa sinumang empleyado o aplikante para sa trabaho sa anumang batayan na ipinagbabawal ng batas at dapat magbigay ng pantay na oportunidad sa lahat ng mga gawi sa trabaho.
5. Isinusuko ko ang anuman at lahat ng paghahabol laban sa Lungsod ng San Diego at sa mga kaukulang inihalal na opisyal, opisyal, empleyado, ahente, at kinatawan, na nagmula sa mga aktibidad na isinagawa kaugnay ng aking aplikasyon para sa anumang (mga) insentibo sa ilalim ng Programa ng Lungsod ng San Diego na Pang-emerhensyang Pagresponde na Gawad para sa Maliliit na Negosyo at Nonprofit na Organisasyon. Nang hindi nililimitahan ang pagkapangkalahatan ng nabanggit sa itaas, ang Lungsod ng San Diego ay hindi mananagot sa ilalim nito para sa anumang uri ng mga pagkasira, direkta man, hindi direkta, hindi sinasadya, kinahinatnan, huwaran, pagdepende, parusa o espesyal na pagkasira, kabilang ang mga pagkasira para sa pagkawala ng paggamit anuman ang uri ng pagkilos, maging nakakontrata, indemnity, warranty, mahigpit na pananagutan o tort, kabilang ang anumang uri ng kapabayaan.
6. Kinikilala at sumasang-ayon ako na pagsusumikap ko nang may mabuting layunin at paplanuhing manatili sa negosyo sa Lungsod ng San Diego ng hindi bababa sa isang taon sa kalendaryo.

NABASA AT NAUUNAWAAN KO ANG MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NA NAKALISTA SA ITAAS

NAUUNAWAAN KO NA ANG PAGTANGGAP NG LUNGSOD NG SAN DIEGO SA APLIKASYON NA ITO AY HINDI NAGBIBIGAY NG ANUMANG OBLIGASYON SA SINUMANG APLIKANTE AT HINDI NAGGAGARANTIYA NG PAGPOPONDO.

PINATUTUNAYAN KO NA MAYROON AKONG AWTORIDAD NA LAGDAAN ANG APLIKASYONG ITO SA NGALAN NG NEGOSYONG INILALARAWAN SA APLIKASYON NA ITO.

PINATUTUNAYAN KO NA ANG IMPORMASYON NA IBINIBIGAY KO SA IBABA AY TOTOO AT TAMA SA ABOT NG AKING NALALAMAN AT ANG NEGOSYO NA AKING INAAPLAYAN AY NATUTUGUNAN ANG MGA KINAKAILANGAN NA NAKALISTA SA WEBPAGE NG GAWAD.

Lagda: _____ Petsa: _____

Pangalan ng May-ari ng Negosyo: _____

Mas Gustong Gamiting Wika: _____

Email Address: _____

Numero ng Telepono: _____

IMPORMASYON TUNGKOL SA NEGOSYO

Pangalan ng Negosyo: _____

Nagnenegosyo Bilang (DBA) Pangalan: _____

Pagmamay-ari sa Negosyo. Mangyaring ilista ang lahat ng may-ari na nagmamay-ari ng 20% o higit pa ng negosyo:

	Pangalan ng May-ari ng Negosyo	% ng Pagmamay-ari
May-ari 1:		
May-ari 2:		
May-ari 3:		
May-ari 4:		
May-ari 5:		

Address ng Kalye ng Negosyo: _____ *kailangang nasa loob ng mga limit ng Lungsod ng San Diego

Zip Code: _____

Numero ng Sertipiko ng Buwis sa Negosyo ng Lungsod ng San Diego (nagsisimula sa "B"):

_____ [BTC Lookup](#)

Ang negosyo bang ito ay nagpapatrabaho sa mahigit 12 empleyado?

Ang negosyo bang ito ay nakabase sa bahay?

Ikaw ba ay Nagbebenta sa Bangketa o mayroon ka bang MEHKO permit para sa Paghahanda ng Pagkain sa County ng San Diego?

Mangyaring siguraduhin na i-upload ang kopya ng iyong permit

Uri ng negosyo: _____

MGA SALIK NA ISASAALANG-ALANG

Saang kapitbahayan matatagpuan ang negosyo? _____

Nangyari ba ang pagkasira noong o pagkatapos ng 1/21/2024?

Ang pagkasira ba ay dahil sa rumaragasang baha?

Ang pagkasira ba ay dahil sa putik?

Matatagpuan ba ang negosyo sa unang palapag?

PAHAYAG NG PAGKAWALA

Magbigay ng maikling paglalarawan sa pagkawala o mga pagkasira sa iyong negosyo:

Mangyaring ilista ang lahat ng nagastos na may kaugnayan sa pagkasira sa pamamagitan ng paglalagay ng halagang ginastos para sa bawat kategorya. Ang mga gastos ay kailangang idokumento na may mga invoice at/o resibo. Ang pagkasira o pagkawala ng de-motor na sasakyan ay hindi nararapat na maibalik ang ibinayad dito. Ang lahat ng mga gastos ay dapat nakadokumento sa pamamagitan ng 1) may petsang mga invoice o resibo na malinaw na nagpapakita ng uri ng gastos at 2) mga kopya ng mga tseke o resibo na malinaw na nagpapakita ng pagbabayad.

Pagkawala ng imbentaryo \$ _____

Pag-alis ng basura at/o debris \$ _____

Remedyasyon ng amag at mildew \$ _____

Paglilinis o pagpapalit ng carpet/sahig \$ _____

Pagpapalit ng drywall \$ _____

Muling pagpipintura \$ _____

Mga serbisyo ng propesyonal na pagpapanumbalik (restoration) o paglilinis \$ _____

Pagkukumpuni o pagpapalit ng Kagamitan sa Negosyo \$ _____

Pagpapalit ng kasangkapan at muwebles \$ _____

Mga gastos sa pagkasira o pagpapanumbalik ng utilidad (Elektrikal, tubig/alkantarilya, gas, telepono/internet) \$ _____

Nawalang kita (tingnan ang mga Alituntunin ng ERG) \$ _____

Mga deductible sa insurance \$ _____

MGA KALAKIP SA APLIKASYON

Mga larawan ng pagkasira

Katibayan ng mga nagastos na *

Nakumpleto at nilagdaan na IRS W9 form

Kung naaangkop, permit ng Nagbebenta sa Bangketa

ISUMITE ANG APLIKASYON

Ibalik ang nakumpletong form na ito at ang lahat ng kinakailangang kalakip sa isang email sa

sdbusiness@sandiego.gov hanggang 5:00 p.m. sa 2/27/2024. Ang mga aplikasyon na natanggap pagkatapos ng petsang ito ay hindi maaaring isaalang-alang.

Makikipag-ugnayan sa iyo ang kawani ng Lungsod sa loob ng 2 araw ng negosyo. Pangunahing nakikipag-usap ang mga kawani ng Lungsod gamit ang email kaya siguraduhing tinitingnan ang iyong spam inbox para sa anumang mga email na nagtatapos sa "@sandiego.gov" kung hindi ka nakatanggap ng komunikasyon sa loob ng panahong iyon. Kung mayroon kang mga katanungan, mag-email sa sdbusiness@sandiego.gov o tumawag sa 619-236-6700.

**Mga instruksyon sa katibayan ng mga gastos*

Dapat isumite ang mga kopya ng mga tseke at invoice o resibo na nagdedetalye ng mga serbisyo/produkto para sa bawat gastos. Ang mga pahayag lamang ay hindi katanggap-tanggap ngunit maaaring maisumite bilang karagdagan sa invoice o resibo. Tanging mga invoice at tseke na iyon lamang na nagpapatungkol sa gawaing nauugnay sa pagkasira sa bagyo ang isusumite.

Ang katibayan ng pagbabayad ay maaaring nasa anyo ng mga bank statement, mga printout ng website ng bangko, at/o mga credit card statement.

Maaaring ipakita ang Nawalang Kita sa pamamagitan ng pagbibigay ng paghahambing ng mga financial statement noong Enero 2023 at Enero 2024 na nagpapakita ng nabawasang kita o paghahambing ng panahong kita mula 2023 at 2024.